SANGGUNIANG BAYAN
SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-140

JOANN JASMIN I. VILLALUNA
Staff Officer III, BCRD
GSIS Bulacan Branch
11/20/2019

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSTEM (GSIS) NA NAGLALAYONG IPATUPAD ANG GSIS FINANCIAL ASSISTANCE LOAN (GFAL)."**

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: ______
Date: 11/18/19 Time: ______

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Rosette G. Pangilinan**
Pangalawang Tagapangulo
Lupon sa Serbisyo Publiko, Kapanagutan ng Pampublikong Opisyal at Pagsisiyasat

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Government Service Insurance System (GSIS);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay naglalayong ipatupad ang GSIS Financial Assistance Loan (GFAL) kung saan ang mga regular na kawani ng Pamahalaan ay maaaring mangutang sa halagang hindi hihigit sa Limang Daang Libong Piso (PhP500,000.00) sa mga instiusyong pautangan tulad ng mga kooperatiba at bangko na siya naming babayaran ng buo ng GSIS;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pag-aaral ng Lupon sa Serbisyo Publiko, Kapanagutan ng Pampublikong Opisyal at Pagsisiyasat ay napatunayang ang kasunduang ito ay makakatulong sa mga regular na kawani ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan na matiyak na sila ay may Minimum Take Home Pay.

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **IGG. ROSETTE G. PANGILINAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA,** gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na bigyang pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng pamahalaang bayan at Government Service Insurance System (GSIS) na naglalayong ipatupad ang GSIS Financial Assistance Loan (GFAL).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-12 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Pansamantalang
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim